Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY
**Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA)**

BAGONG PILIPINAS

# TROPICAL CYCLONE WARNING FOR AGRICULTURE


**TCWA NO. 8**
**TROPICAL STORM "CRISING"**

**INILABAS 5:00 PM 18 HULYO 2025**
**MAY BISA HANGGANG 8:00 PM MAMAYA**

PARA SA PINAKALATEST UPDATE SA BAGYO BISITAHIN ANG: (https://bagong.pagasa.dost.gov.ph/tropical-cyclone-bulletin-iframe)

**MAGIGING MASUNGIT ANG PANAHON SA HILAGANG LUZON MAMAYANG GABI HABANG PAPALAPIT ANG BAGYONG "CRISING" SA HILAGANG CAGAYAN.**

| | |
|---|---|
| **LOKASYON:** | Kaninang 1:00 PM, ito ay nasa 135 km silangan hilagang silangan ng Tuguegarao City, Cagayan |
| **COORDINATES:** | 18.3°N, 122.9°E |
| **PAGKILOS:** | Patungong kanluran hilagang kanluran sa bilis na 20 km/h |
| **TAGLAY NA LAKAS:** | 75 m/h |
| **PAGBUGSO NG HANGIN:** | 105 km/h |




## TINATAYANG LUGAR NA DADAANAN NG BAGYO

| | LAT (°N) | LONG (°E) | LOKASYON | LAKAS (km/h) | KATEGORYA |
|---|---|---|---|---|---|
| **BUKAS NG HAPON:** | 20.1 | 118.9 | 325 km kanluran ng Basco, Batanes (Labas ng PAR) | 85 | TS |
| **LINGGO NG HAPON:** | 21.5 | 113.9 | 830 km kanluran ng dulong Hilagang Luzon (Labas ng PAR) | 100 | STS |
| **LUNES NG HAPON:** | 21.2 | 109.7 | 1,260 km kanluran ng dulong Hilagang Luzon o nasa lugar ng Guangdong Province, China (Labas ng PAR) | 85 | TS |

Inihanda nina:
**RAAM / RVDD**


Binigyang pansin:
**MEVT**

*"tracking the sky…helping the country"*

Science Garden Compound, Senator Miriam P. Defensor-Santiago Avenue, Brgy. Central, Quezon City, Metro Manila, Philippines 1100
Tel. No.: 8284 -0800 local 4915
Website: http://bagong.pagasa.dost.gov.ph

# BABALA NG BAGYO

| | POSIBLENG MARANASAN | LAKAS NG HANGIN (km/h) | ORAS NA INAASAHAN (mula sa unang paglabas ng babala) |
|---|---|---|---|
| 5 | Lubhang mapanganib sa buhay at mga ari-arian | >185 | 12 na oras |
| 4 | Malaki hanggang sa matinding pinsala | 118 - 184 | 12 na oras |
| 3 | Katamtaman hanggang sa malaking pinsala | 89 - 117 | 18 na oras |
| 2 | Bahagya hanggang sa katamtamang pinsala | 62 - 88 | 24 na oras |
| 1 | Maliit hanggang sa bahagyang pinsala | 39 - 61 | 36 na oras |




Tropical Cyclone Bulletin #13 - Tropical Storm "CRISING" {WIPHA}
5:00PM, 18 July 2025
DOST-PAGASA Weather Forecasting Section

| BABALA BLG | LUZON | KABISAYAAN | MINDANAO |
|---|---|---|---|
| 2 | **Batanes, Cagayan kasama ang mga Isla ng Babuyan, Isabela, Apayao, Kalinga, hilaga at gitnang mga bahagi ng Abra** (Manabo, Pidigan, San Juan, Tayum, Langiden, Boliney, Sallapadan, Bucloc, Lagangilang, Danglas, La Paz, Licuan-Baay, Tineg, Malibcong, Peñarrubia, San Isidro, Daguioman, San Quintin, Dolores, Lagayan, Bangued, Bucay, Lacub), **silangang bahagi ng Mountain Province** (Natonin, Paracelis), **silangang bahagi ng Ifugao** (Aguinaldo, Alfonso Lista), **Ilocos Norte, at hilagang bahagi ng Ilocos Sur** (Cabugao, Sinait, Magsingal, San Juan, San Ildefonso, Santo Domingo, Bantay, San Vicente, Santa Catalina, Caoayan, City of Vigan, Santa) | -- | -- |
| 1 | **Quirino, Nueva Vizcaya, natitirang bahagi ng Mountain Province, natitirang bahagi ng Ifugao, natitirang bahagi ng Abra, Benguet, natitirang bahagi ng Ilocos Sur, La Union, hilagang bahagi ng Pangasinan** (San Nicolas, Natividad, San Quintin, San Manuel, Tayug, Sison, San Fabian, Pozorrubio, Laoac, Binalonan, San Jacinto, Manaoag, Mangaldan, Dagupan City, Binmaley, Lingayen, Labrador, Sual, City of Alaminos, Bolinao, Anda, Bani, Agno, Burgos, Mabini, Dasol, Calasiao, Santa Barbara, Mapandan, Bugallon), **hilagang bahagi ng Aurora** (Dilasag, Casiguran, Dinalungan, Dipaculao, Baler, Maria Aurora), **at hilagang silangang bahagi ng Nueva Ecija** (Carranglan, Pantabangan) | -- | -- |

**PAYONG PANGSAKAHAN SA MGA POSIBLENG MAAPEKTUHAN NG BAGYO**
*(Base sa tinatayang lugar na dadaanan ng bagyo)*

- Putulin and mga labis na sanga at pati na rin ang malalaking sanga ng punong-kahoy na maaring magdulot ng panganib sa tinitirhan o sa alin mang estraktura at iyong malapit sa poste ng elektrisidad.
- Tingnan at isaayos ang daluyan ang tubig na dinadaanan ng labis na tubig na maaring idulot ng malakas na ulan.
- Siyasatin ang mga mahihinang balangkas na sinisilungan ng mga alagang hayop, isaayos kung kinakailangan
- Anihin at ipagbili ang mga halamang madaling mabulok tulad ng gulay at bungang kahoy.
- Magsagawa ng mga kinauukulang paghahanda sa ano mang di inaasahang pangyayari sa paglapit ng unos o sama ng panahon.

## MALAKAS NA PAG-ULAN

| DAMI NG ULAN | NGAYONG ARAW (Hulyo 18) | BUKAS NG (Hulyo 19) | LINGGO (Hulyo 20) | POSIBLENG EPEKTO |
|---|---|---|---|---|
| **Napakalakas hanggang sa matinding pag-ulan (>200 mm)** | Cagayan, Apayao, Ilocos Norte, at Ilocos Sur | -- | -- | • Inaasahan ang malawakang pagbaha at pagguho ng lupa |
| **Malakas hanggang sa napakalakas na pag-ulan (100 - 200 mm)** | Batanes, Isabela, Abra, Benguet, Kalinga, Mountain Province, Ifugao, La Union, at Pangasinan | -- | -- | • Posibleng magkaroon ng maraming pagbaha, lalo na sa mga urbanisadong lugar, mabababang lugar, o malapit sa mga ilog.<br>• May posibilidad ng pagguho ng lupa sa mga lugar na may katamtaman hanggang sa mataas ang panganib. |
| **Katamtaman hanggang sa malakas na pag-ulan (50 - 100 mm)** | Nueva Vizcaya, Quirino, at Aurora | Ilocos Norte, Ilocos Sur, at Abra | -- | • Posibleng magkaroon ng mga *localized* na pagbaha, lalo na sa mga urbanisadong lugar, mabababang lugar, o malapit sa mga ilog.<br>• May posibilidad ng pagguho ng lupa sa mga lugar na may mataas na panganib. |

PAALALA: Inaasahan ang mas malakas na mga pag-ulan sa mga matataas at mabundok na lugar. Sa ganitong kalagayan, posible ang pagbaha at pagguho ng lupa dulot ng mga pag-ulan, lalo na sa mga lugar na madalas na nakakaranas nito ayun sa mga hazard maps at sa mga lugar na nakaranas ng malalakas na pag-ulan noong mga nakalipas na mga araw.

*Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Weather Advisory #13 kaninang alas 5:00 PM bilang babala sa Tropical Storm CRISING at Habagat.*

## MALAKAS NA HANGIN

Magdadala ang Habagat ng malakas hanggang sa napakalakas ng pagbugso ng hangin sa mga sumusunod na mga lugar (lalo na sa mga lugar malapit sa dagat at matataas at mabubundok na lugar):

| NGAYONG ARAW | BUKAS | LINGGO |
|---|---|---|
| Zambales, Bataan, Cavite, Batangas, Quezon, Rehiyon ng Bicol, MIMAROPA, Kabisayaan, Zamboanga del Norte, Camiguin, | Metro Manila, Pangasinan, Gitnang Luzon, CALABARZON, MIMAROPA, Rehiyon ng Bicol, Kabisayaan, Zamboanga Peninsula, Basilan, Sulu, Tawi-Tawi, Misamis | Metro Manila, Rehiyon ng Ilocos, Gitnang Luzon, CALABARZON, MIMAROPA, Rehiyon ng Bicol, Kanlurang Kabisayaan, Samar at Northern Samar |

| | | |
|---|---|---|
| Misamis Oriental, Misamis Occidental, Lanao del Norte, Surigao del Norte, mga Isla ng Dinagat, Davao Occidental, Davao Oriental, at Sarangani | Occidental, Lanao del Norte, Camiguin, Surigao del Norte, mga Isla ng Dinagat, Davao Occidental, at Davao Oriental | |

**PAALALA:** Ang mga babala ng bagyo ay upang mabigyan ng babala ang lahat sa panganib na dulot ng hangin dahil sa bagyo. Ang mga lokal na hangin ay posibleng bahagyang mas malakas sa mga lugar malapit sa tabing-dagat o matataas at mabubundok na lugar. Mas mahina ang hangin sa mga lugar na hindi direktang tinatamaan nito.

## MALAKAS NA PAG-ALON

| **Nakataas ang Gale Warning** *(mula sa Gale Warning #3 na inilabas ngayong 5:00 PM)* | **Hilaga at silangang mga baybayin ng Hilagang Luzon** |
|---|---|
| **Hanggang sa napakaalon na karagatan** | • **Hanggang 6.0 m:** Baybayin ng Batanes at mga Isla ng Babuyan<br>• **Hanggang 4.5 m:** Hilagang baybayin ng Ilocos Norte; natitirang bahagi ng Cagayan; at baybayin ng Isabela |
| **Hanggang sa maalon na karagatan** | • **Hanggang 3.5 m:** Kanlurang baybayin ng Ilocos Norte, Zambales, Bataan, Batangas, Occidental Mindoro kasama ang mga Isla ng Lubang, Palawan, at Antique; katimugang baybayin ng Iloilo; kanluran at katimugang mga baybayin ng Negros Occidental at Guimaras<br>• **Hanggang 3.0 m:** Katimugang baybayin ng Negros Oriental, Cebu, at Bohol; mga baybayin ng Siquijor at Camiguin; hilagang baybayin ng Zamboanga Peninsula; silangang baybayin ng Davao Oriental; natitirang mga baybayin ng Palawan |
| **Hanggang sa katamtaman na pag-alon ng karagatan** | • **Hanggang 2.5 m:** Hilagang silangang baybayin ng Aurora at Northern Samar; silangang baybayin ng Catanduanes at Eastern Samar; natitirang baybayin ng Negros Oriental, Negros Occidental, Guimaras, Cebu at Bohol; hilaga at kanlurang mga baybayin ng Masbate; katimugang mga baybayin ng Quezon, Marinduque, Oriental Mindoro, at Southern Leyte; hilagang baybayin ng Misamis Oriental, Agusan del Norte, at Surigao del Norte<br>• **Hanggang 2.0 m:** Natitirang mga baybayin ng Aurora, mga Isla ng Polillo, Catanduanes, at Northern Samar; hilagang baybayin ng Camarines Norte; silangang baybayin ng Camarines Sur; mga baybayin ng Misamis Occidental, Lanao del Norte, at mga Isla ng Dinagat |

**PAALALA:**
**Napakaalon na karagatan:** Mapanganib maglayag ang anumang uri ng sasakyang pandagat. Pinapayuhan ang mga maglalayag na manatili muna sa port o pumunta sa pinakamalapit na daungan.

**Maalon na karagatan:** Pinapayuhan ang mga mandaragat na gumagamit ng maliliit na sasakyang pandagat, kasama na ang mga bangkang de motor, na huwag munang maglayag lalo na ang mga walang karanasan sa ganitong kondisyon o mga gumagamit ng mga sasakyan na may sira.

**Katamtamang pag-alon ng karagatan:** Pinapayuhan ang mga mandaragat na gumagamit ng mga bangkang de motor at iba pang kahalintulad na sasakyang pandagat na mag-ingat habang pumapalaot sa karagatan. Kung maaari ay umiwas muna sa ganitong kondisyon.

## BABALA NG STORM SURGE

| TAAS NG STORM SURGE | PROBINSYA | MGA MABABABANG LUGAR NG: | POSIBLENG EPEKTO |
|---|---|---|---|
| **Panganib ng storm surge** *(1.0 - 2.0 m na taas ng tubig)*<br><br>*Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Storm Surge Warning #7 na inilabas kaninang 2:00 PM.* | Batanes | Basco (Capital), Itbayat, Ivana, Mahatao, Sabtang, Uyugan | BAHAGYA HANGGANG SA KATAMTAMANG pinsala sa mga komunidad, mga imprastrukturang pang-dagat at pagkaantala sa lahat ng gawaing may kaugnayan sa dagat. |
| | Cagayan | Abulug, Aparri, Baggao, Ballesteros, Buguey, Calayan, Claveria, Gattaran, Gonzaga, Lal-lo, Pamplona, Peñablanca, Sanchez-mira, Santa Ana, Santa Praxedes, at Santa Teresita | |
| | Ilocos Norte | Bacarra, Badoc, Bangui, Burgos, Currimao, Laoag City (Capital) Pagudpud, Paoay, Pasuquin | |
| | Ilocos Sur | Cabugao, Magsingal, San Juan (Lapog), Santo Domingo, Sinait | |

**PAALALA:**
Lahat ng gawaing pandagat ay kailangang ipagpaliban. Lumikas patungo sa mas mataas na lugar, palayo sa baybayin at mga lugar na maaaring tamaan ng storm surge. Pinapayuhan ang publiko na sundin ang pinakabagong Tropical Cyclone Bulletins at Storm Surge Warnings mula sa PAGASA.

## PAGKILOS NG BAGYO

- Sa loob ng 12 oras, kikilos pa-kanluran hilagang kanluran ang Tropical Storm CRISING. Posible itong tumama sa kalupaan ng hilagang silangang bahagi ng Cagayan o mga Isla ng Babuyan ngayong gabi. Pagkatapos nito, patuloy itong kikilos pa-kanluran hilagang kanluran hanggang lumabas sa Philippine Area of Responsibility bukas (19 Hulyo) ng hapon.
- Inaasahang patuloy na lalakas ang bagyo hanggang sa umabot sa Severe Tropical Storm bukas ng gabi o sa Linggo (20 Hulyo) ng madaling araw.

## AGRI-PANAHON

| LUGAR NG PAGTAYA | LAGAY NG PANAHON PANG-AGRIKULTURA | TEMPERATURA ($^0$C) | | RH% | PAGKABASA NG DAHON (ORAS) |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mababang Bukirin | Mataas na Bukirin | | |
| **Batanes, Cagayan, Isabela, Apayao, Abra, Kalinga, Ilocos Norte, Mountain Province, Ifugao, at Ilocos Sur** | Masungit na panahon | 24 – 29 | 17 – 25 | 75 – 100 | >12 |
| **Aurora, natitirang bahagi ng Rehiyon ng Ilocos, natitirang bahagi ng Cordillera Administrative Region, at natitirang bahagi ng Lambak ng Cagayan** | Maulan na may pagbugso ng hangin | 23 – 29 | 14 – 20 | 75 – 100 | >12 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Metro Manila, Zambales, Bataan, Cavite, Batangas, Occidental Mindoro, Palawan, Kanlurang Kabisayaan, at Negros Island Region** | Pag-ulan dulot ng Habagat | 23 – 28 | 22 – 25 | 70 – 100 | >12 |
| **Natitirang bahagi ng Luzon, Gitnang Kabisayaan, at Zamboanga Peninsula** | Paminsan-minsang pag-ulan | 24 – 29 | 22 – 25 | 65 – 98 | 8 – 12 |
| **Natitirang bahagi ng bansa** | Maulap na kalangitan na may kalat-kalat na pag-ulan at pagkidlat-pagkulog | 23 – 31 | 23 – 29 | 55 – 98 | 4 – 8 |

**PAYONG PANSAKAHAN SA MGA LUGAR NA HINDI APEKTADO NG BAGYO**

- Regular na mag-trim ng mga puno at halaman upang mapanatili ang kanilang kalusugan at gawing mas produktibo ang mga ito.
- Magkaroon ng mga regular na inspeksyon sa mga pananim upang maiwasan ang malawakang pagkalat ng mga peste.
- Linisin ang mga sakahan mula sa mga damo upang maiwasan ang kompetisyon para sa tubig at nutrisyon ng mga pananim.
- Mag-apply ng tamang halaga ng pataba batay sa uri ng lupa at pangangailangan ng mga pananim. Iwasan ang labis na paggamit ng kemikal na pataba upang hindi makasama sa kapaligiran at kalusugan ng lupa.

Patuloy na mag-antabay sa mga updates at pagbabago ukol sa sama ng panahon.

Ang mga public and disaster risk reduction and management office **(PDRRMO)** na maaaring maapektuhan ay pinapayuhan na gumawa ng mga kaukulang hakbang para maprotektahan ang buhay at mga ari-arian. Ang mga nakatira sa mga lugar na maaaring maapektuhan ay pinapayuhang sumunod sa mga tagubilin ng mga namumuno sa inyong lugar. Para sa heavy rainfall warnings, thunderstorm/rainfall advisories, at iba pang severe weather information na para sa inyong lugar, palaging magbantay sa mga produktong ilalabas ng inyong lokal **PAGASA Regional Services Division.**